**Presidential Communications Operations Office**
**News and Information Bureau**

**INTER-AGENCY TASK FORCE VIRTUAL PRESSER**
**WITH CABINET SECRETARY KARLO NOGRALES**
**APRIL 20, 2020 (9:42 A.M. –10:15 A.M.)**

Mga kababayan, magandang umaga po sa inyong lahat; at sa ating mga kaibigan sa media at sa ating mga bayaning frontliners sa iba't ibang dako ng bansa na nangunguna sa kampaniya natin laban sa COVID-19.

Ipagpaumanhin po ninyo, ongoing po ang ating IATF meeting ngayon kaya hihingi po ako ng dispensa at pasensiya po sa ating mga televiewers at nakikinig at nanunood ngayon na bibilisan ko lang po itong ating press briefing. Subukan ko pong sagutin ang mga katanungan mula sa ating media. Kailangan po nating madaliin ito dahil kailangan ko pong bumalik sa IATF meeting na ongoing po ngayon.

Last week, we informed the public that we have been able to wrap up testing with the addition of institutions that have been accredited by the Department of Health to conduct tests for COVID-19. With government now focused on expanding testing and local governments now also in a position to conduct their own tests, we would like to touch on some of the guidelines regarding testing.

Una, itong ating general guidelines ng Revised Interim Guidelines on Expanded Testing for COVID-19:

1.) COVID-19 expanded testing is defined as testing all individuals who are at risk of contracting COVID-19 infection. This includes the following groups:
1.) Suspect cases;
2.) Individuals with relevant history of travel and exposure or contact whether symptomatic or asymptomatic;
3.) Healthcare workers with possible exposure whether symptomatic or asymptomatic.

Ang expanded testing ay ang pag-test po ng mga indibidwal na malaki ang posibilidad na nahawa sila sa COVID-19. Kasama po dito ang:
1.) Suspect cases;
2.) Mga taong na galing biyahe o may nakasalamuha na taong may COVID-19 may sintomas man o wala;
3.) Mga health workers na may posibleng exposure sa taong mga COVID-19 may sintomas man siya o wala.

Indiscriminate testing beyond close contact of a confirmed COVID-19 case is not recommended.

Ang pagti-test ng mga taong hindi naman nakasalamuha ng taong may COVID-19 ay hindi nirirekumendang sumailalim dito.

2.) The following reflects the sub-groups of at risk individuals arranged in order of greatest to lowest need for testing.

Ito po ang mga grupo ng mga indibidwal na naka-prioritize sa pag-test:

- Sub-Group A – mga pasyente o healthcare workers na may severe o kritikal na sintomas at may kasaysayan ng biyahe o contact sa kumpirmadong kaso ng COVID-19;

- Sub-Group B – mga pasyente o healthcare workers na may mild na sintomas, galing sa biyahe o nagka-contact sa kumpirmadong COVID-19 na kaso at kinukunsiderang vulnerable;

- Sub-Group C – mga pasyente o healthcare workers na may mild na sintomas, galing sa biyahe o nagka-contact sa kumpirmadong kaso ng COVID-19;

- Sub-Group D – mga pasyente o healthcare workers na walang sintomas pero may kasaysayan ng biyahe o contact sa kumpirmadong kaso ng COVID-19.

Due to global shortage of testing kits and limitation in local capacity for testing, there is a need to rationalize available tests and prioritize Sub-Groups A and B. However, in view of the expansion of testing capacity and to ensure healthcare work force safety, Sub-group C will be tested and iyong healthcare workers natin prioritized. Okay?

Mamaya babasahin ko iyong sa Sub-Group D ha. Iyong Sub-Group D, iyon naman iyong mas kilala nating PUMs 'no. Nandiyan pa rin sila so relax lang.

All sub-national laboratories are directed to allocate between 20 to 30 percent of their daily testing capacity for health workers, and the remaining 70 to 80 percent for patients.

Dahil may global shortage ng testing kit, kinakailangan natingn i-prioritize ang paggamit ng test. Ngunit, dahil may expansion ng testing capacity at may pangangailangan na igarantiya ang kaligtasan ng healthcare workers, ang Sub-group C ay iti-test at ang healthcare workers ay ipa-prioritize.

Lahat ng sub-national laboratories ay inaatasan na ibahagi ang 20 to 30 percent ng kanilang daily testing capacity para sa mga health workers, at ang natitirang 70 to 80 percent ay para sa mga pasyente.

6.) Based on current available evidence, real time polymerase chain reaction o iyong mas kilala natin na RT-PCR testing doon sa laboratory is the confirmatory test. In the Philippines, this pertains to using RT-PRC test kits that are approved by the Food and Drug Administration (FDA) and validated by the Research Institute for Tropical Medicine (RITM).

7.) Rapid antibody-based test kits – ito naman iyong rapid test kits na antibody ha – shall not be used as standalone test to definitely diagnose or rule out COVID-19 because these must be used in conjunction with RT-PCR tests. Care must be exercised to not unduly consume RT-PRC test kits for the sake of confirmation.

Reporting of confirmed and recovered cases shall continue based on RT-PCR testing in accordance with Administrative Order 2020-0013. Only rapid antibody-based test kits approved by the FDA and locally validated by the RITM or the Department of Science and Technology may be used.

Batay sa ebidensiya, ang RT-PCR na aprubado ng FDA at RITM ay ang siyang confirmatory test. Ang mga rapid antibody based test kits ay hindi gagamitin mag-isa para makumpirma ang COVID-19 dahil kailangan itong gamitin kasama ang RT-PCR na test. Dapat mag-ingat na

hindi masayang ang RT-PCR para sa pag-confirm ng mga kaso. Tanging ang mga rapid antibody based test kits na aprubado ng FDA at RITM or DOST ang puwedeng gamitin. Itutuloy ang pag-ulat ng kumpirmado at recovered na kaso base sa RT-PCR.

10.) Now, iyong disposal. Disposal of test kits including PPEs and other materials used in testing shall adhere to existing guidelines on the management of healthcare waste. Ang pag dispose ng test kits, PPEs at iba pang materyales ay gagawin batay sa istriktong panununtunan sa pagtatapon ng health care waste.

11.) Expanded use of point of care, rapid antibody based test kits through validation and zero epidemiological studies shall be explored for subgroup D – ito naman iyong sa PUMs. As testing all asymptomatic contacts of confirmed cases using RT-PCR is not recommended until there is a surplus testing capacity. Results of such validation and zero epidemiological studies shall be submitted to DOH and to the Health Technology Assessment Council (HTAC) for their review and consideration.

They should inform future prospects of financing of DOH and PhilHealth, since both agencies may only finance or reimburse COVID-19 test kits that have been positively recommended by the HTAC as required by RA number 11223. Ang paggamit ng point of care rapid antibody based test case, sa validation at zero epidemiological studies, ay ikukonsidera para sa sub-group D. Dahil ang pag-test ng lahat ng contact na walang sintomas na kumpirmadong kaso, gamit ang RT-PCR ay hindi nirerekumenda.

Ang resulta ng validation at zero epidemiological studies na ito ay ibibigay sa DOH at sa Health Technology Assessment Council (HTAC). Now, please allow me to share some of the specific guidelines of the revised interim guidelines on expanded testing for COVID-19.

A. The following guidelines shall apply once the FDA approved antibody based test kits have been validated by RITM and other designated institutions.

B. So, ito iyong para sa antibody based test kits. Only licensed medical doctors may request and administer anti-body based test kits, okay. Mga lisensiyadong doctor lamang po ang pinapayagang mag-request at gumamit ng antibody based test.

C. Para sa mga healthcare workers.

1.) Lahat ng mga healthcare workers na may sintomas ay dapat i-isolate at i-test gamit ang RT-PCR test.

2.) Lahat ng healthcare workers na walang sintomas na may unprotected exposure ay dapat i-isolate at i-test gamit ang RT-PCR. Kung walang RT-PCR puwede silang i-test gamit ang mga antibody based test tuwing 14 na araw or 14 days at i-clear para magtrabaho kung ang IGM and IGG ay negative o kung ang IGG ay positive o kung ang RT-PCR ay negative.

D. Para sa mga indibidwal na may sintomas at hindi naman healthcare worker.

1.) Testing of all symptomatic patients who are close contact of a known or probable case must be conducted by health workers, equipped with PPEs, (Personal Protective Equipment). Patients must be isolated at all times. Ang pag-test ng mga close contact ng isang known or probable na kaso ay dapat gawin ng mga healthcare workers na nakasuot ng PPE.

2.) Testing of symptomatic patients who are close contacts of a known or probable case with rapid antibody based test kits alone is not recommended. If there is no available RT-PCR, validated rapid antibody based testing that detects both IGM and IGG maybe used. However regardless of results, this is important, regardless of results patients should remain isolated for 14 days or until asymptomatic whichever is longer.

Hindi inirerekumenda ang pag-test ng pasyente na close contact ng isang known or probable case gamit ang rapid antibody based test kits lamang. Kung walang RT-PCR, maaaring gamitin ang validated rapid antibody based testing na nakaka-detect ng IGM at IGG.

E. Para sa non-healthcare workers na walang sintomas.

1. All asymptomatic non-healthcare workers who are close contacts of confirmed cases need to complete 14 days of quarantine from the date of last contact with the confirmed case either at the temporary treatment and monitoring facility or home quarantine if and only if mayroong solo room and toilet regardless of rapid antibody based test results. If symptoms developed at any time, collect samples for RT-PCR testing.
2. Rapid antibody based testing may be used for asymptomatic non-healthcare workers who are close contacts with confirmed COVID-19 cases, provided rapid antibody based kits are validated, PPEs are available for the healthcare worker performing the test.
3. For settings where resources permit and there is sufficient availability of rapid antibody based testing kits and PPEs, testing maybe done twice – ito iyong sinasabing double tap or double test.

The first—this is for rapid antibody test kits, the first must be done at the time of isolation but preferably at least five days from exposure kasi dito lumalabas iyong antibodies mo based on science; and the second one or another, on the last day of quarantine, so iyon iyong fourteen days. So five days and fourteen days.

4. For settings with limited availability of rapid antibody-based testing kits and PPE, testing may be done only once during… and it should be during the fourteenth day from contact with a confirmed case. Pero all in all, sa lahat ng sinasabi kong ito dapat isolated… isolated iyong PUM na iyon, okay;

5. If there are no available rapid test kits and/or PPE, patients can be released from quarantine after fourteen days as long as the patient remains asymptomatic. Pero marami naman tayong na-order na rapid test kits, so this should not be a problem but ito, number five, just in case lamang.

F. Para sa ating mga kababayan na galing abroad o returning overseas Filipinos, ito naman po ang guidelines;

1. Lahat po ng OFs or overseas Filipinos na umuwi sa Pilipinas galing sa ibang bansa na may community-based COVID-19 transmission - eh, halos lahat naman ng bansa mayroon na - ay kailangang dumaan sa mandatory 14-day quarantine;

2. Puwede po ng i-test ang OFs gamit ang antibody test pagpasok sa quarantine facility; at pagkatapos ng 14-day quarantine period para sa appropriate actions sa pag-discharge. Okay? So, all OFs ito, wala akong sinabing OFW, ang sinabi ko ‘all OFs,’ overseas Filipinos.

G. For surveillance of areas with suspected COVID-19 community-based transmission:

1. Expanded testing in areas with suspected COVID-19 community-based transmission can be performed at the household, purok and barangay level with a proper sampling methodology in collaboration with the Epidemiology Bureau and local health officials - ito iyong para sa surveillance ‘no.

Ang expanded testing sa mga lugar na may suspected COVID-19 community-based transmission ay puwedeng gawin na sa lebel ng tahanan, purok at barangay gamit ang tamang sampling methodology sa tulong ng Epidemiology Bureau at local health officials.

2. Dapat gamitin ang isang properly validated antibody testing kit para dito.

Pending availability of PRNT validation by RITM, all who intend to conduct their validation studies are requested to:

1. Register their studies through covid19rdt@gmail.com including updates on the status of ethics approval;
2. Use the protocol for local validation study for asymptomatic contacts provided na sa Annex C ng guidelines;
3. You must report the testing results.

3. Testing of asymptomatic people should be performed with proper safety precautions including hand hygiene, use of appropriate PPEs for conducting the test, respiratory hygiene, waste disposal and patient care equipment.

Dapat po maghugas ng kamay, gumamit ng PPE kapag nagte-test ang individual kahit na walang sintomas at dapat i-dispose po nang tama ang mga PPE at iba pang kagamitan na ginamit sa pagte-test.

4. All asymptomatic patients should be referred for RT-PCR testing and isolated accordingly.

Lahat ng pasyenteng may sintomas ay dapat ipa-test gamit ang RT-PCR at dapat ma-isolate agad.

So, before wrapping up, just a few reminders for our viewers. Pinapaalala lang po ng Department of Interior and Local Government ang mga guidelines sa paggamit ng ibinigay na 6.197 billion peso Bayanihan Grant to Provinces (BGP).

Sinabi sa DBM Local Budget Circular No. 126 dated April 13, 2020, na ang BGP - ito naman po iyong sa provinces, nauna nang naibigay iyong para sa cities and municipalities, ito naman po iyong para sa provinces.

Ang BGP ay gagamitin para lamang sa COVID-19 response at ito ay subject pa rin po sa umiiral na patakaran sa procurement, budgeting, accounting and auditing rules and regulations.

Saan po puwedeng gamitin ang BGP?

Puwede po itong gamitin na dagdag pondo para sa mga ospital na pinapatakbo ng provincial government para sa COVID-19-related expenses tulad ng pambili ng PPE, para sa equipment, reagents at kits para sa COVID-19 testing, para sa gamot at bitamina at para sa hospital equipment at supplies, para pambili ng disinfectants, sprayers, at iba pang disinfecting supplies at misting equipment; puwede rin gamitin itong BGP para sa pagkain, transportasyon at accommodations ng health workers at tauhan ng ospital na pinapatakbo ng provincial government; at mga gastusin para sa construction, repair, lease at rental ng karagdagang lugar o building para sa pasyente ng COVID-19 o suspected cases; puwede rin itong gamitin para sa training ng medical health personnel basta ito ay konektado sa COVID-19 response.

The DILG also says that the BGP can cover expenses for the operation and maintenance of duly established provincial checkpoints related to COVID-19 such as provision of food, medicines, vitamins, PPEs, and disinfecting supplies for the exclusive use of provincial government employees and personnel concerned.

Another reminder from the DILG pertains to a memo they recently issued to LGUs, one in which they advised LGUs to discontinue the use of limited window periods with regard to access to public and private establishments like wet markets, supermarkets, grocery stores and pharmacies.

The DILG says, and I quote, “The imposition of such restrictions further creates congestion of people who flock to these establishments at the same time and poses risks to the implementation of social distancing. Scheduling and/or clustering of the communities and/or barangays who may be allowed to go out instead is highly encouraged.”

So bale, ina-advice na po ang mga LGU na huwag na po mag-impose ng maigsing window times para makapunta po ng grocery o botika ang mga constituents ninyo. Sinasabi po ng DILG na mas mainam na i-schedule o i-cluster ang mga barangay para hindi sabay-sabay lumabas ang ating mga kababayan. Mas mahabang oras ng bawat tao lumabas, rotational po ang areas na puwedeng lumabas para mas konti ang tao na nasa labas at a given time.

Speaking of LGUs, I’m happy to report that according to the DILG, all LGUs in Metro Manila now have an anti-discrimination ordinance or executive order in place. May babala din ang NBI!

Ang babala ng NBI: Ang lahat ng uri nang pananakot, diskriminasyon at pananakit sa ating mga frontliners ay may karampatang parusa. Puwede ninyo pong i-report sa NBI kung ikaw man ay nakaranas o nakasaksi ng mga ito. Tumawag o mag-text sa mga sumusunod na numero: para sa Globe subscribers, **0996-4723056;** sa Smart, **0961-7349450;** ang regional number**, 0975-1539146**; at landline, **(02)8524-0237**. Salamat po sa ating mga mayor sa Metro Manila at sa NBI.

As of yesterday, we have tested a total of 52,837 individuals. The latest data shows that we have 172 new confirmed cases of COVID-19, bringing our national total to 6,259. Twelve more lives yesterday were claimed by the disease, bringing to 409 the number of people who have succumbed to COVID-19 in the country. The total of recoveries is now 572, as 56 more people recovered from the disease yesterday.

Tuluy-tuloy pong gumagalaw ang mga sangay ng gobyerno upang tugunan ang pangangailangan ng taumbayan! Maraming salamat po sa mga LGU na kasangga ng gobyerno sa laban na ito at maraming salamat uli sa ating mga healthworkers at frontliners na walang tigil na nagtatrabaho at nagsasakripisyo para sa ating lahat!

Tumbasan o suklian po natin ang pagsisikap nila para sa atin: Maghugas ng kamay; ugaliing gumamit ng mask kapag lumalabas ng bahay; at hangga’t maaari manatili sa ating mga tahanan – Bahay muna, buhay muna.

Together, with God’s grace and mercy, we can beat COVID-19. Together, we heal as one. Maraming salamat po!

Sa mga katanungan sa media, parang napansin ko po na karamihan ng mga katanungan ninyo ay tungkol sa anong gagawin sa after April 30. Gaya ng sinabi ko, ongoing po ngayon… ngayon

din ang IATF meeting. Umalis lang po ako sa meeting para makapagbigay ng press briefing. Pero pagkatapos po nito, again, ipagpaumanhin po ninyo, hingi po ako ng dispensa at pasensiya po sa inyong lahat, eh kailangan ko na po talaga bumalik sa meeting ng IATF.

So sabihin ko na lang na dito sa mga katanungan ninyo, karamihan ng mga katanungan ninyo ay masasagot natin siguro within the day and/or masasagot kapag nagbigay na po ng pronouncement si Pangulong Duterte. Kaya pasensiya po, kailangan ko na pong bumalik sa IATF meeting at dahil ngayon po pag-uusapan kung anong gagawin natin, anong mga rekomendasyon ng IATF kay Pangulong Duterte para doon sa anong mangyayari after April 30.

Muli, itong mga rekomendasyon namin is subject to the decision, the final decision ni Pangulong Duterte kaya puro recommendation lamang ito – ultimately, si Pangulong Duterte po ang magdedesisyon.

Ang hinihingi ko lang po sa ating mga kababayan: Ano man ang maging desisyon ng ating Pangulo, alam ninyo na ito ay base sa mga parameters na nai-set na po natin – iyong epidemiological curve, ang ating healthcare capacity, ang ating social factors, economic factors at peace and order and security factors po natin. So base sa limang parameters na ito ay magdedesisyon po si Pangulo.

Kaya abangan na lang po natin kung anuman iyong maging desisyon niya at hinihingi ko lang din po na lahat po tayo ay sumuporta sa anuman ang magiging desisyon ng ating mahal na Pangulo at ng ating pamahalaan.

Sa mga may-ari o gumawa ng mga material na aming ginamit sa slides kanina at sa mga nakalipas na pressers, maraming, maraming salamat po sa inyong tulong sa pagpapaintindi sa ating mga kababayan sa kung anuman ang pinapahayag natin ngayon.

Sa ating mga kababayan, maraming salamat po sa inyong pakikipagtulungan sa inyong pamahalaan. Kayo ang first line of defense sa giyerang ito: Bahay muna, buhay muna. Huwag po kayong maniwala at magpakalat ng mga impormasyon kung ito ay hindi beripikado na nagmula mula sa mga ahensiya ng gobyerno. Marami na naman pong kumakalat diyan, may mga audio, video at kung anu-ano pa. Huwag na po, huwag ninyo na pong patulan iyan. May katumbas pong parusa ang mga gumagawa nito.

Sa ating mga kasama sa pagpapalaganap nang tama at napapanahong impormasyon, sa iba't ibang mga media outlets sa TV, radyo, diyaryo at online na naka-hookup po sa amin ngayon, maraming, maraming salamat po. Salamat din po sa Google Philippines, Facebook Philippines at YouTube.

Muli, abangan na lang po natin kung anong magiging latest developments. So paalam na po, babalik na po ako sa IATF meeting po namin at abangan na lang po natin kung ano iyong magiging kinalabasan nitong lahat ng ito.

Kaya magandang umaga pong muli. God Bless. Amping kanunay, padayon sa inyong pag-ampo. Maayong buntag sa tanan.

**##**

--